

# Sakit na Coronavirus (COVID-19)

Ang dokumentong ito ay sinasagot ang madalas na mga tanong tungkol sa mga antibody o serology test para sa SARS-CoV-2, ang virus na nagsasanhi ng COVID-19. Mahalagang tandaan na ang impormasyong ito ay magbabago kaya't siguruhin na tingnan ang mga mapagkukunan tulad ng [pahina ng FDA](#) sa testing ng SARS-CoV-2 para sa mga madalas na update.

## 1. Ano ang pagkakaiba ng serology test at viral test?

Ang mga serology test ay hindi nakakapag-diagnose ng aktibong impeksyon ng COVID-19 ngunit makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa nakaraang impeksyon. Ito ay mga test sa dugo na nagtsetsek para sa mga protina (antibodies) na nabubuo sa katawan kapag ang katawan ay tumutugon sa impeksyon. Sa kabilang banda, ang mga viral test ay natutuklasan ang presensya ng virus sa pamamagitan ng pagtetest para sa RNA ng virus gamit ang teknik na tinatawag na polymerase chain reaction (PCR) o paminsan-minsan sa pamamagitan ng pagtetest para sa protina ng virus (antigen testing). Ang mga viral test na ito ay makapagda-diagnose ng mga aktibong impeksyon sa pamamagitan ng isang sample na karaniwan ay galing sa pagkuskus ng ilong o lalamunan.

## 2. Gaano katagal inaabot para makabuo ng antibodies ang isang nahawaang tao?

Karaniwang inaabot ng isa hanggang tatlong linggo pagkatapos na magsimula ang mga sintomas ng COVID-19 para makagawa ang kanilang katawan ng antibodies, ang ilang mga tao ay inaabot pa nga nang mas matagal. Depende kung kailan ang isang tao ay nahawaan at ang pagkakatiyempo ng test, maaaring hindi makahanap ng antibodies ang serology test sa isang tao na may kasalukuyang impeksyon ng COVID-19.

## 3. Maaari bang gamitin ang isang serology test para sabihin sa akin na mayroon akong COVID-19 ngayon mismo?

Hindi. Hindi matutukoy ng serology test kung kasalukuyan kang may COVID-19; sinusukat ng test na ito ang antibodies na nagpapahiwatig na ang katawan ay tumugon na sa virus nang hindi nakatitiyak kung mayroong isang aktibong impeksyon. Sa mga unang araw ng impeksyon kapag ang katawan ay nagbubuo pa lang ng kanyang immune response, maaaring hindi matuklasan ang antibodies na hahantong sa maling negatibong resulta ng serology test. Kahalintulad din, maaaring maganap ang positibong serology test kung ang isang tao ay nahawaan na ng COVID-19 sa nakaraan at hindi kasalukuyang nahawaan ng virus. Samakatuwid, ang mga serology test ay hindi dapat gamitin para mag-diagnose ng COVID-19.

## 4. Nakatulong na ba ang mga serology test sa paggawa ng diagnosis ng COVID-19?

May mga pagkakataon na maaaring nakakatulong na gumamit ng isang serology test bilang karagdagan sa isang viral test. Kung sakaling huli na nang magkakumplikasyon ang isang tao na maaaring nauugnay sa COVID-19, tulad ng multisystem inflammatory syndrome sa mga bata (MIS-C), ang isang positibong serology test ay makakatulong na gawin ang diagnosis. Kung ang isang tao ay nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 nang ilang linggo, ang serologic testing ay maaaring maging kapaki-pakinabang dagdag pa sa isang viral test para makagawa ng diagnosis.

## 5. Ano pa ang ibang dahilan sa paggawa ng mga serology test para sa COVID-19?

Ang mga test na ito ay ginagamit para makakuha ng mas mabuting pagkakaunawa sa kung paano ang immune response laban sa virus na nagsasanhi ng COVID-19 ay nabubuo sa pagdaan ng panahon at kung ilang mga tao ang sakaling nahawaan o kung gaano na lumawak ang pandemya. Sa katagalan, ang serology testing at ang pagsusubaybay sa kalusugan ng isang tao ay maaaring makatulong sa atin na mas maunawaan kung ang isang taong gumaling na sa impeksyon ay may mas mababang panganib na maimpeksyon muli kung sila ay malalantad

# Sakit na Coronavirus (COVID-19)

ulit sa virus. Ngunit hindi pa nila masasabi sa atin ngayon ang impormasyong ito. Maaari ring makatulong sa atin ang mga serology test para higit pang maunawaan ang tungkol sa mga tao na nagkaroon na ng impeksyon pero hindi kailanman nagka-sintomas dahil sa ang mga indibidwal na ito ay nakagawa na rin ng antibodies.

Ang isa pang dahilan para gamitin ang serology test para sa COVID-19 ay para maghanap ng mga tao na nakabuo na ng antibodies at baka kwalipikado na magkaloob ng dugo na maaaring magamit upang makagawa ng paggamot o lunas para sa mga pasyente na may malalang sakit ng COVID-19.

## 6. Mahalaga ba kung anong mga serology test ang ginagamit?

Ang Food and Drug Administration (FDA) ay narebyu na ang pagganap o performance ng ilang mga serology test at inawtorisa na ang kanilang paggamit sa ilalim ng isang [Emergency Use Authorization](#) (EUA). Inirerekomenda na ang mga test lamang na may mga EUA ang gagamitin para sa mga pasyente. Bilang karagdagan, maraming mga serology test ang minsang pinayagan ng FDA na ilabas sa merkado ang ngayon ay hindi na inaaprubahan at hindi dapat gamitin para sa pangangalaga ng pasyente.

## 7. Kung ako ay may isang positibong serology test, maaari ko na bang itigil ang pagsusuot ng telang pantakip ng mukha o huminto na sa pagsasagawa ng pisikal na pagdistansya?

Hindi. Dahil sa wala tayong nakapangtitiyak na impormasyon na nagpapahiwatig na ang pagkakaroon ng antibodies sa COVID-19 ay nakapagbibigay ng anumang pagkakaligtas sa sakit o nakakapagpigil sa muling pagkakahawa, ang mga taong may positibong resulta ng antibody test ay dapat na patuloy na protektahan ang kanilang mga sarili at ang ibang tao mula sa COVID-19. May posibilidad rin na mali ang positibong resulta ng serology test, kaya't mahalaga na ang lahat ay patuloy na magsagawa ng personal na proteksyon gaya ng pisikal na pagdistansya, pagsusuot ng telang pantakip ng mukha kapag nasa paligid ng ibang mga tao, at madalas na paghuhugas ng kamay, kahit na sila ay mayroong positibong resulta ng serology test.